

MGA SALIK NA NAKAKAIMPLUWENSIYA SA PAGSASALITA NG WIKANG FILIPINO NG MGA CEBUANONG MAG - AARAL SA KURSONG EDUKASYON

DOI: 10.5281/zenodo.16155249

RAQUEL R. MAGOS

Mag-aaral, Graduate School of Education, University of the Visayas
ORCID: 0009-0006-0591-7514
raquelrichtermagos@gmail.com

MIRAFLORE I. SALDUA, DALC-FILIPINO (Cand.)

Propesor, Graduate School of Education, University of the Visayas
ORCID: 0000-0002-9067-0184
saldumiraflore@gmail.com

ABSTRAK

Nilalayon ng pag-aaral na ito na tukuyin ang mga salik na nakakaimpluwensiya sa pagsasalita ng wikang Filipino ng mga Cebuanong mag-aaral sa kursong Edukasyon sa Cebu Eastern College. Gumamit ang mananaliksik ng deskriptibo-korelasyonal na disenyo upang suriin ang ugnayan sa pagitan ng kasanayan sa pasalitang komunikasyon at mga salik tulad ng saloobin, lawak ng talasalitaan, at antas ng pagkakalantad sa wikang Filipino. Ang mga datos ay nakalap mula sa 210 mag-aaral na pinili gamit ang Krejcie and Morgan Table, at nasuri gamit ang mga istatistikal na kasangkapan tulad ng weighted mean at Pearson r-correlation. Ipinakita ng resulta na ang mga mag-aaral ay may positibong saloobin sa wikang Filipino (mean = 3.32), mataas ang kasanayan sa talasalitaan (mean = 26.62), at lubos na nalalantad sa wika sa iba't ibang konteksto (mean = 3.32). Bukod dito, lumitaw na "magaling" ang antas ng kanilang pasalitang pagganap (grand mean = 3.46). Ayon sa pagsusuri gamit ang Pearson r, may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng oral na komunikasyon at saloobin ($r = 0.580$), talasalitaan ($r = 0.703$), at pagkalantad sa wika ($r = 0.666$). Ipinapakita nito na habang lumalawak ang bokabularyo at nagiging positibo ang pananaw sa Filipino, mas humuhusay ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasalita. Iminumungkahi ng pag-aaral ang pagpapatupad ng mga programang magpapatibay sa paggamit ng Filipino sa loob at labas ng silid-aralan, partikular sa mga aktibidad na pasalita, at ang integrasyon ng wika sa iba't ibang asignatura upang mapalalim ang kaalaman at pagpapahalaga sa wikang pambansa.

Mga Susong Salita: *wikang Filipino, Cebuanong mag-aaral, integrasyon ng wika, wikang pambansa*

PANIMULA

Ang wikang Filipino ay siyang pambansang wika sa Pilipinas. Ito ay isa sa napakaepektibong wika ng pagkatuto sa edukasyon, at ang mahusay na paggamit sa wika ay magdadala sa tao sa rurok ng tagumpay. Nakasaad sa 1987 Konstitusyon, Artikulo XIV, Seksyon 6, na ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Ang wikang pambansa ay isang wikang ginagamit ng mga mamamayan sa isang bansa sa pakikipag- komunikasyon, pasalita man o pasulat. Ito ang wikang nauunawaan at ginagamit ng karamihan sa bansa. Nararapat na bawat Filipino ay bihasa at dapat gamitin ito sa lahat ng antas ng kaalaman at pagsikapang aralin ang tamang pagsalita at paggamit nito dahil ito ang kaluluwa ng ating bansa nararapat na ito ay ipagmalaki at payabungin. Malaki ang papel na ginagampanan ng wika sa pambansang kaunlaran partikular na sa larangan ng edukasyon. Sa wika nakasalalay ang epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral at tagumpay na paghahatid ng mga ideya sa ibang tao. Sa pagbabago ng panahon, marami ang nagsisikap na mapaunlad at mapayaman ang wikang Filipino bilang wikang panturo o midyum sa edukasyon. Naniniwala rin ang ilan sa kakayahan ng wikang Filipino sa pagtuturo na madaling naiintindihan ng mga mag-aaral.

Ang pagsasalita ay bahagi ng makrong kasanayan na kailangang hasain ng isang tao, sapagkat bawat salitang namumutawi sa bibig ng tao ay may kahulugan na maaaring magamit sa pakikipagkomunikasyon sa pang - araw araw na pamumuhay kaya naman mahalaga na suriin at unawain ang mga salita bago ito sabihin o bigkasin.

Sa kasalukuyan, maraming mga Filipino ang hindi marunong magsalita at umintindi ng wikang Filipino dahil sa iba't - ibang salik (Busalanan, 2018). Dahil sa globalisasyon, maraming Filipino ang mas nakatuon sa paggamit ng mga banyagang wika, tulad ng Ingles, dahil sa mga oportunidad sa trabaho at edukasyon. Ang malawak na impluwensiya ng banyagang kultura, tulad ng mga pelikula, TV shows, at musika na kadalasang gumagamit ng Ingles, ay nakakaapekto sa pag-unlad ng wikang Filipino.

Ang una ay sa paaralan sapagkat karamihan sa mga paaralan lalo na kung pribado ay mas binibigyang halaga ang banyagang salita kaya't nawawalan ng halaga ng paunti - unti ang wikang Filipino (Dicang & Molina, 2023). Itinuturing nilang isa sa pinakamahirap na asignatura ang wikang Filipino sapagkat sila ay nahihirapan sa pagsasalita dahil na rin sa limitado ang kanilang alam na mga salita sa wikang Filipino.

Mahalaga ang pag-aaral sa mga salik na nakakaapekto sa pagsasalita ng wikang Filipino upang mas maunawaan natin kung paano pinapalakas o pinahihina ang paggamit ng wika sa ating lipunan. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga salik tulad ng edukasyon, media, globalisasyon, at mga dialekto, matutukoy natin ang mga pangunahing hadlang at oportunidad na nakakaapekto sa pagkatuto at paggamit ng Filipino. Ang kaalaman sa mga salik na ito ay makatutulong sa pagpapalano ng mga hakbang upang mapanatili at mapalaganap ang wika, pati na rin sa pagbuo ng mga programang makikinabang ang bawat sektor ng lipunan. Bukod dito, ang pag-aaral ng mga salik ay nagbibigay daan upang mapanatili ang ating pagkakakilanlan bilang isang bansa, at mapalakas ang ating pag-unawa at pagpapahalaga sa ating kultura at tradisyon.


Ang pag-aaral na ito ay naglalayong mailahad ang mga pangunahing salik na nakakaapekto sa pagsasalita ng wikang Filipino ng mga tagatugon. Nilalayan din ng pag-aaral na ito na malaman ang mga karaniwang hamon na kinakaharap ng mga tagatugon sa pagsasalita ng wikang Filipino.

Balangkas Teoretikal

Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa Social Interaction Theory ni Lev Vygotsky. Ang Social Interaction Theory, na unang ipinakilala ni Lev Vygotsky, ay nagsasaad na ang wika at iba pang kasanayan sa pagkatuto ay bumubuo at umuunlad sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan ng isang indibidwal sa iba pang tao (Mahn & Fazalehaq, 2020). Ayon sa teoryang ito, ang wika ay hindi lamang isang kasangkapan para sa komunikasyon, kundi isang mahalagang bahagi ng pag-iisip at pagkatuto. Sa Social Interaction Theory, itinuturing na ang social na kapaligiran—kabilang ang pamilya, guro, kaibigan, at mga kaklase—ay may malaking epekto sa pagkatuto ng wika ng isang bata. Ang pakikipag-usap at pakikisalamuha sa mga tao sa paligid ay nagbibigay ng pagkakataon upang matutunan ang mga kasanayan sa wika, tulad ng pagpapahayag ng saloobin, pagbibigay ng opinyon, at pag-unawa sa mga salita at pangungusap. Sa konteksto ng Filipino, ipinapakita ng Social Interaction Theory na mas magiging matagumpay ang mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino kung sila ay patuloy na nakikipag-usap sa mga tao sa kanilang paligid gamit ang wika, at kung nakakaranas sila ng aktibong pagtutok at gabay mula sa mga nakatatanda o guro.

Figura 1

Teoretikal na Balangkas



Social Interaction Theory ni Lev Vygotsky (1978)

Ipinapakita ni Halliday na ang wika ay hindi lamang istraktura kundi isang sistemang panlipunan na tumutugon sa iba't ibang tungkulin tulad ng instrumental, regulatory, interactional, personal, at representational. Sa konteksto ng silid-aralan, kapag ang wika ay ginamit sa mga tunay na layunin—halimbawa, sa pagpapahayag ng opinyon, pakikipagtulungan, o pagsagot sa problema—mas nagiging makabuluhan ito sa mga mag-aaral. Ayon kay Halliday, ang wika ay may papel sa pagtatayo ng kahulugan sa lipunan, kaya't ang pagpapaunlad ng pagsasalita sa Filipino ay hindi dapat lamang nakatuon sa gramatika kundi sa paggamit nito sa kontekstong sosyal at akademiko.

MATATAG Curriculum ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd Order No. 012, s. 2024)

Ang pinakabagong kurikulum ng DepEd ay nagbibigay-diin sa "Makatao, Makakalikasan, Makabansa, at Maka-Diyos" na edukasyon. Nakasaad sa DepEd Order No. 012, s. 2024 na kailangang gamitin ang wikang Filipino bilang isang epektibong daluyan ng kognitibong kaalaman, partikular sa mga asignaturang may lokal na konteksto. Sa ilalim ng MATATAG curriculum, binibigyang-pansin ang paggamit ng mother tongue at wikang Filipino upang mapatatag ang pundasyong pangwika ng mga mag-aaral, lalo na sa early grades at sa mga lugar kung saan hindi natural ang paggamit nito.

Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang mga pananaw ng Cebuanong mag-aaral sa programang Edukasyon hinggil sa wikang Filipino at kung paano nakaapekto ang wika sa kanilang komunikasyong pasalita.

Tinitiyak ng pag-aaral na ito na sagutin ang mga katanungang:

1. Ano ang demograpikong propayl ng mga tagatugon batay sa:
 - 1.1. Kasarian; at
 - 1.2. Tirahan (Rural o Urban)?
2. Ano ang pananaw ng mga tagatugon sa wikang Filipino batay sa:
 - 2.1. Saloobin (Attitude);
 - 2.2. Talasalitaan (Vocabulary); at
 - 2.3. Pagkakalantad sa Wika (Exposure to the Language)?
3. Ano ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa pasalitang komunikasyon batay sa:
 - 3.1. Katatasan at kalinawan sa pagsasalita;
 - 3.2. Pagbuo ng pangungusap; at
 - 3.3. Tulin ng pagsasalita?
4. May kaugnayan ba ang kasanayan sa oral ng komunikasyon ng mga mag-aaral batay sa:
 - 4.1 Saloobin (Attitude);
 - 4.2. Talasalitaan (Vocabulary); at
 - 4.3. Pagkakalantad sa Wika (Exposure to the Language)?
5. Batay sa mga natuklasan, anong programa ang maaring imungkahi?

Paglalahad ng Null Hypothesis

Ho1: Walang makabuluhang ugnayan ang kasanayan sa oral ng komunikasyon ng mga mag-aaral at ang kanilang Saloobin.

Ho2: Walang makabuluhang ugnayan ang kasanayan sa oral ng komunikasyon ng mga mag-aaral at ang kanilang Talasalitaan.

Ho3: Walang makabuluhang ugnayan ang kasanayan sa oral ng komunikasyon ng mga mag-aaral at ang kanilang Pagkakalantad sa Wika.

Mga Kaugnay na Literatura

Ayon kay Arocha (2016), ang wika ay maituturing pinakamabisang kasangkapan sa pakikipag-komunikasyon sa ating kapwa sapag ito ay nagsisilbing tulay sa pakikipagkomunikasyon, upang masabi at maihayag ang ating mga saloobin, damdamin, kaisipan at pananaw at ito ay nagagawa lamang sa pamamagitan ng pagsasalita.

Ayon Gutierrez (2017), ang Wikang Filipino ay napakahalaga sapagkat ito ay ginagamit sa pang-araw-araw na pakikipag-usap o pakikipagtalastasan. Bilang isang mag-aaral, ang wikang Filipino ay hindi dapat ikahiya bagkos ito ay gamitin at ipagmalaki. Sinasaad nito na ang wikang Filipino ay isa sa pinakamahalagang yaman ng mga Filipino,

ito ay nagsisilbing rason kung bakit nagkakapagpahayag tayo ng saloobin sa paraang pasulat o pasalita kaya marapat lamang na ito ay ipagmalaki.

Ayon naman sa pag-aaral na "The Effect of Learning Quality and Learning Satisfaction on Learning Outcomes in Online Learning" maraming pagkakaiba ang nararamdaman ng mga mag-aaral kapag nakikilahok sa online na pag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang epekto ng kalidad ng pagkatuto at ang proseso ng pagkatuto sa mga resulta ng pagkatuto sa panahon ng pagpapatupad ng online learning. Sa pag-aaral na ito ay nalaman na walang malaking epekto ang online learning sa pagkatuto ng mga mag-aaral kaya masasabing hindi problema ang online learning sa pagkatuto (Sa'adah & Hidayat, 2022).

Ang pananaw ng mga kalahok ay nagpapakita na ang suporta ng guro at pinasimpleng mga aktibidad at ang pagbibigay ng magulang ng mahusay na koneksyon sa internet at ang aparato ay maaaring gumawa ng isang malakas na pagganyak sa pag-aaral. Inirerekomenda na ang mga aktibidad sa online na klase ay dapat na napakasimple dahil ang mga mag-aaral ay walang pagpipilian dahil ito ay nasa gitna pa rin ng krisis sa kalusugan. Nararapat na suportahan ang mga mag-aaral sa kanilang mga online na klase. Magtutulungan ang mga magulang, guro, at iba pang stakeholder upang tugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral (Diu et al., 2022).

Ang Wikang Filipino ay mahalagang kasangkapan sa mabisang komunikasyon sa Pilipinas ayon kay (Ranque et al., 2024). Ginagamit ito sa araw - araw na usapan sa tahanan, paaralan, at sa pamahalaan. Sa kabila ng pag - usbong ng teknolohiya at impluwensiya ng wikang Ingles, nananatili pa ring matatag ang Filipino bilang pangunahing wika ng pakikipagtalastasan sa mga mamamayan. Ito ay nagpapalalim ng pagkakaunawaan nagpapalaganap ng kultura, at nagpapalakas ng pambansang pagkakakilanlan. Gayunpaman, may mga pagkakataong hindi ito lubos na nagagamit lalo na sa mga pormal na larangan gaya ng agham, teknolohiya at propesyonal na komunikasyon ayon kay (Rebato, 2024). Madalas ay mas pinipili ang Ingles dahil sa kakulangan ng mga teknikal na terminong Filipino. Dahil dito, mahalaga ang patuloy na pagpapaunlad at paggamit ng Filipino sa ibat ibang anyo ng komunikasyon upang mapanatili ang pagiging buhay at makabuluhan ng wika sa makabagong panahon.

METODOLOHIYA

Ang pagsusuri sa mga salik na nakaaapekto sa pagsasalita ng wikang Filipino ng mga piling Cebuanong mag-aaral ay ginamitan ng metodolohiyang palarawan o deskriptibong pananaliksik. Ito ay naglalaman ng mga paraan kung paano maisasagawa ang pagsusuri. Kasama rito ang mga hakbang tulad ng paggamit ng gabay sa pakikipanayam upang makuha ang datos mula sa mga tagatugon. Layunin ng pagsusuring ito na matukoy ang mga salik na nakaaapekto sa pagsasalita ng wikang Filipino ng mga piling Cebuanong mag-aaral sa unang taon.

Disenyo

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibong kaugnayang metodolohiya. Ang deskriptibong kaugnayan ay isang uri ng disenyo ng pananaliksik na sumusubok tukuyin ang ugnayan sa pagitan ng dalawa o higit pang baryabol nang hindi gumagawa ng pag-aangkin tungkol sa sanhi at bunga (McBurney at White, 2009). Layunin nitong makita kung may kaugnayan ang kasanayan sa oral na komunikasyon ng mga mag-aaral batay sa kanilang saloobin, talasalitaan, at pagkakalantad sa wika. Kasabay nito, gumamit din ang pag-aaral ng kwantitatibong disenyo, na karaniwang ginagamit sa mga larangan tulad ng agham panlipunan, sikolohiya, ekonomiya, at edukasyong pananaliksik.

Kaligiran

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa Cebu Eastern College, isang pribadong institusyong pang-edukasyon na matatagpuan sa Lungsod ng Cebu. Ang paaralan ay nag-aalok ng edukasyon mula elementarya hanggang tersyarya, at kilala sa pagbibigay-diin sa akademikong kahusayan, disiplina, at pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Sa panahon ng pananaliksik, ang kolehiyo ay may programang Edukasyon na layuning ihanda ang mga mag-aaral para sa propesyon ng pagtuturo, lalo na sa larangan ng Filipino at iba pang kaugnay na asignatura.

Respondente

Sa pananaliksik na ito, ginamit ang Krejcie and Morgan Table bilang batayan sa pagtukoy ng tamang bilang ng sample mula sa kabuuang populasyon. Ayon sa tala ng paaralan, may humigit-kumulang 450 mag-aaral sa kursong Edukasyon. Batay sa Krejcie and Morgan Table, kung ang populasyon ay 450, ang nararapat na bilang ng sample upang magkaroon ng representatibong resulta ay 210 tagatugon. Ito ay naaayon sa pamantayang estadistikal na 95% confidence level at 5% margin of error, na karaniwang ginagamit sa mga panlipunang pananaliksik.

Ang mga tagatugon ay pinili batay sa mga sumusunod na pamantayan: sila ay kasalukuyang naka-enroll sa kursong Edukasyon sa Cebu Eastern College Inc., mga unang taon sa kolehiyo, kusang-loob na pumayag at pumirma sa may kaalamang pahintulot upang lumahok sa pananaliksik, at nasa wastong edad o legal na gulang na.

Talahanayan 1

Krejcie and Morgan Table

Populasyon ng mag-aaral sa kursong edukasyon (N)	Sample na kukunin (s)
450	210

Instrumento

Ang mananaliksik ay bumuo ng isang talatanungan bilang pangunahing kasangkapan sa pangangalap ng datos. Ang unang bahagi ng talatanungan ay tumutukoy sa mga personal na impormasyon ng mga kalahok batay sa kasarian at lugar ng paninirahan.

Ang ikalawang bahagi ay sumasaklaw sa pananaw ng mga kalahok tungkol sa wikang Filipino na nakabatay sa tatlong salik: saloobin, lawak ng talasalitaan, at antas ng pagkakalantad sa wika.

Ang ikatlong bahagi ay tumutukoy sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pasalitang komunikasyon, na sinusuri sa pamamagitan ng sumusunod na mga aspekto: katatasan at kalinawan sa pagsasalita, pagbuo ng pangungusap, at tulin ng pagsasalita.

Kalakip din sa talatanungan ang isang pagsusulit sa balarila na binubuo ng tatlong pumung (30) bilang ng tanong, na iniangkop para sa antas ng mga mag-aaral sa unang taon sa kolehiyo.

Ang mga pahayag na may kaugnayan sa saloobin, pagkakalantad sa wika, at antas ng pagganap sa pasalitang komunikasyon ay sasagutin gamit ang apat na antas ng kasunduan: Lubos na Sumasang-ayon (4), Sumasang-ayon (3), Hindi Sumasang-ayon (2), at Lubos na Hindi Sumasang-ayon (1).

Samantala, ang bahagi para sa talasalitaan ay sasagutan sa pamamagitan ng pagpili ng titik ng wastong sagot mula sa mga ibinigay na pagpipilian.

Ang antas ng pagganap ay masasagot rin sa pamamagitan ng Lubos na sumasang-ayon (4), Sumasang-ayon (3), Hindi Sumasang-ayon (2), at Lubos na Hindi sumasang-ayon (1). Samantala, ang bahagi ng talasalitaan ay binubuo ng isang 30-item na pasulit sa balarila, kung saan ang tagatugon ay pipili ng tamang letra ng sagot batay sa kahulugan ng mga salitang Filipino. Ang ikatlong bahagi ng talatanungan ay nakatuon sa antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa pasalitang komunikasyon. Nahahati ito sa tatlong dimensyon: katatasan at kalinawan sa pagsasalita, pagbuo ng pangungusap, at tulin ng pagsasalita. Ang bawat pahayag sa bahaging ito ay sinasagutan din gamit ang parehong Likert scale upang masukat ang kasanayan ng mag-aaral sa pagpapahayag gamit ang wikang Filipino. Sa kabuuan, ang talatanungan ay nilikha upang matiyak na masusukat nang komprehensibo ang salik ng wika sa konteksto ng akademikong komunikasyon, gamit ang makabuluhang datos na maaaring suriin sa pamamagitan ng istatistikal na pamamaraan.

Pangalap ng Datos

Ang mananaliksik ay sumunod sa tamang proseso ng pangangalap ng datos, ang mga proseso ay ang mga sumusunod:

Pre-Data Gathering. Ang mananaliksik ay gumawa ng sulat para sa Dekano upang humingi ng permiso na isagawa ang pananaliksik. Matapos itong maaprubahan, isinumite ito sa Institutional Review Board (IRB) para sa beripikasyon ng etikal na pamantayan. Kasunod nito, humingi rin ang mananaliksik ng pahintulot mula sa Pangalawang Pangulo sa Akademiya upang maisagawa ang pananaliksik sa Cebu Eastern College Inc. Kapag ang lahat ng liham ay pirmado at aprubado, ipinasuri at ipawasto ng mananaliksik ang ginawang talatanungan upang matiyak ang kaangkupan at bisa nito.

Actual Data Gathering. Ang mananaliksik ay nagtungo sa mismong lugar ng pananaliksik upang magsagawa ng oryentasyon sa mga impormante, kung saan ipinaliwanag ang layunin ng pag-aaral at ang nilalaman ng kaalamang pahintulot. Matapos nito, tinanong niya ang mga kalahok kung nais pa rin nilang lumahok sa pananaliksik. Ang mga pumayag ay pumirma sa form ng may-kaalamang pahintulot. Ang bawat panayam ay itinagal lamang ng lima hanggang sampung minuto bawat kalahok. Lahat ng panayam ay naitala ng mananaliksik para sa pagsusuri.

Post-Data Gathering. Pagkatapos ng lahat ng panayam, isinulat ng mananaliksik ang mga naitalang sagot ng mga kalahok. Sa pagsusuri, kanyang tinukoy ang mga karaniwang tema o pattern sa mga tugon. Mula rito, sinuri at binigyang-kahulugan ng mananaliksik ang mga datos upang makabuo ng mga konklusyon batay sa layunin ng pananaliksik.

Pag-aanalisa sa Datos

Para masuri ang mga datos, ang mga sumusunod na kagamitang pang-istatistika ay ginamit.

Bilang at Porsyento. Ito ay ginamit upang malaman ang bilang at porsyento ng bawat kategorya sa propayl ng mga tagatugon.

Weighted Mean. Ito ay ginamit upang malaman ang average ng bawat indikasyon sa pananaw ng mga tagatugon tungkol sa wikang filipino at ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa pasalitang komunikasyon.

Pearson R-Correlation. Ito ay ginamit upang malaman kung mayroon bang makabuluhang ugnayan ang kasanayan sa oral ng komunikasyon ng mga mag-aaral at ang kanilang Saloobin, kasanayan sa oral ng komunikasyon ng mga mag-aaral at ang kanilang Talasalitaan, at kasanayan sa oral ng komunikasyon ng mga mag-aaral at ang kanilang Pagkakalantad sa Wika.

Etikal na Konsiderasyon

Ang pag-aaral ay isasagawa alinsunod sa mga alituntunin na nakasaad sa Deklarasyon ng Helsinki (World Medical Association, 2013). Ang pag-apruba ay makukuha mula sa Research and Ethics Committee ng University of the Visayas, na may Reference No. NPMAED2025-038 na may petsang June 17, 2025. Bukod dito, ang pag-aaral ay kinasasangkutan ng mga mag-aaral na may pahintulot ng paglagda ng consent at assent form na sumagot sa isang talatanungan. Bago kumpletuhin ang mga talatanungan, makakatanggap ang mga kalahok ng isang form ng pahintulot na naglalaman ng layunin ng pag-aaral, mga pamamaraan, mga panganib at benepisyo, mga hakbang para sa pagiging kompidensyal, boluntaryong pakikilahok, at impormasyon sa pakikipag-ugnayan. Walang ibibigay na pinansyal na insentibo para sa pakikilahok. Ang mga may-akda ay nagdedeklara ng walang mga salungat na interes. Sa pagsunod sa mga etikal na kasanayan sa pananaliksik, lahat ng kalahok ay bibigyan ng impormasyon tungkol sa layunin ng pananaliksik at ang kanilang papel dito sa pamamagitan ng malinaw at maikling mga form ng pahintulot; ang paglahok ay boluntaryo, at magkakaroon ng opsyon ang mga kalahok na umatras sa pag-aaral anumang oras nang hindi nahaharap sa anumang negatibong konsekwensya; Bukod pa rito, titiyakin ng pag-aaral na mapanatili ang pagiging kompidensyal ng mga kalahok sa pamamagitan ng pag-anonymize ng anumang mga sagot at pagprotekta sa data mula sa hindi awtorisadong pag-akses; at, dahil ang pag-aaral ay nakatuon sa mga estudyante sa mataas na paaralan, ang angkop na pahintulot mula sa mga tagapag-alaga ay makukuha alinsunod sa mga patnubay ng institusyon. Alinsunod sa mga etikal na kasanayan sa pananaliksik, lahat ng kalahok ay bibigyan ng impormasyon tungkol sa layunin ng pananaliksik at ang kanilang papel dito sa pamamagitan ng malinaw at maikling mga pormularyo ng pahintulot; ang paglahok ay magiging boluntaryo, at magkakaroon ang mga kalahok ng opsyon na umatras mula sa pag-aaral anumang oras nang walang anumang negatibong kahirinatan; Bukod dito, bilang isang guro sa pribadong paaralan, ang mananaliksik ay nakatuon sa pagprotekta sa mga estudyante mula sa anumang posibleng pinsala o panganib na maaaring mangyari sa panahon ng proseso ng pananaliksik. Alinsunod sa tungkuling ito, susunod ang pag-aaral sa mga alituntuning itinakda ng Commission on Higher Education (CHED) upang matiyak na ang mga karapatan at kaligtasan ng mga estudyante ay palaging iginagalang. Tinitiyak din ng mananaliksik na walang gastos na kailangang sagutin ng paaralan o mga respondente sa pakikilahok sa pag-aaral na ito. Bukod dito, ang pamamahala ng sarbey at iba pang aktibidad na may kaugnayan sa pag-aaral ay maaaring na nakipag-usap sa punong guro upang maiwasan ang anumang pagkaabala sa mga klase o posibleng sukat ng klase. Sa wakas, susunod ang pag-aaral sa mga pamantayang etikal na itinatag ng mga kaugalingan ng paaralan, tinitiyak na hindi mapapahamak ang mga kalahok at ang mga natuklasan ay gagamitin nang matalino at alinsunod sa mga pamantayang akademiko.

RESULTA AT PAGTATALAKAY

Ang bahaging ito ng pag-aaral ay naglalayong ipresenta at talakayin ang mga natuklasang datos na nakalap mula sa isinagawang sarbey o pananaliksik. Ang mga resulta ay inilalahad sa pamamagitan ng talahanayan upang mailarawan nang malinaw ang mga sagot ng mga kalahok, habang ang kasunod na diskusyon ay naglalayong bigyang-pakahulugan ang mga ito batay sa kaugnay na teorya, konteksto ng pananaliksik, at umiiral na mga literatura.

Propayl ng mga Tagatugon

Ang talahanayan sa ibaba ay tungkol sa propayl ng mga tagatugon batay sa kasarian at tirahan. Nakapaloob dito ang bilang at porsyento ng bawat kategorya.

Talahanayan 2

Propayl ng mga Tagatugon

Propayl		f	%
Kasarian	Lalake	62	30
	Babae	131	62
	LGBTQIA+	17	8

Kaburuan		210	100
Tirahan	Urban	187	89
	Rural	23	11
Kaburuan		210	100

Batay sa datos, may kabuuang 210 mag-aaral ang kabilang sa kursong edukasyon. Sa bilang na ito, 62 (30%) ay mga lalake, habang mas marami ang mga babae na may 131 na katumbas ng 62% ng kabuuang bilang. Samantala, ang mga mag-aaral na kinikilala bilang bahagi ng LGBTQIA+ community ay nasa 17 o 8%. Makikita sa datos na ang mga babae ang may pinakamaraming kinatawan sa kursong edukasyon, higit pa sa pinagsamang bilang ng mga lalake at LGBTQIA+.

Ang ganitong datos ay maaaring ipaliwanag sa pamamagitan ng konsepto ng birth ratio at gender-based career preference. Sa Pilipinas, ayon sa Philippine Statistics Authority, bagamat halos pantay ang birth ratio ng lalaki at babae sa populasyon, mas mataas ang propensiyang pumili ng kursong edukasyon ang kababaihan kaysa sa kalalakihan. Ayon sa mga pag-aaral, ito ay bunga ng gender socialization kung saan ang mga kababaihan ay mas nahuhubog sa mga tungkuling nurturing, caregiving, at communication-oriented—mga katangiang itinuturing na mahalaga sa larangan ng pagtuturo. Kaya't kahit pantay o halos pantay ang populasyon sa panganganak (birth ratio), mas maraming babae ang pumapasok sa kursong Edukasyon dahil sa lipunang pananaw na mas "angkop" sa kanila ang propesyon ng pagtuturo. Samantala, ang maliit na bahagdan ng LGBTQIA+ (8%) ay nagpapahiwatig pa rin ng underrepresentation sa mga teacher education program. Bagama't mas tanggap na ngayon sa lipunan ang sexual and gender diversity, may mga LGBTQIA+ na nahihirapang makahanap ng ligtas na espasyo sa ilang larangan, lalo na sa edukasyon kung saan nananatili ang ilang stigma at stereotype.

Ipinapakita ng datos na ang kursong edukasyon ay patuloy na pinangungunahan ng kababaihan, na maaaring magpakita ng gender-based preference sa pagpili ng propesyon, lalo na sa larangan ng pagtuturo. Ang mas mababang porsyento ng mga lalake at LGBTQIA+ ay maaaring mag-ugat sa mga tradisyonal na pananaw sa lipunan hinggil sa kung sino ang "akmang" maging guro. Ang ganitong gender distribution ay may epekto rin sa dynamics ng classroom management at diversity sa mga faculty in the future, kaya mahalagang isulong ang mas inklusibong pagtingin sa kursong edukasyon.

Ayon sa pag-aaral ni Mendoza et al. (2022), mas pinipili ng mga kababaihan ang kursong edukasyon dahil sa kanilang maternal and nurturing roles na ipinapalagay ng lipunan. Samantala, tinukoy din sa pananaliksik nina Reyes at Santos (2021) na may underrepresentation ng mga LGBTQIA+ at kalalakihan sa mga teacher education programs, at ito ay sanhi ng stigma at gender stereotyping. Ipinapayo ng mga mananaliksik ang pagpapalakas ng gender sensitivity programs upang mahikayat ang mas inklusibong partisipasyon sa larangan ng edukasyon.

Ayon sa ipinakitang datos, karamihan sa mga mag-aaral sa kursong edukasyon ay nagmula sa urban na lugar na may kabuuang 187 mag-aaral o 89% ng populasyon. Samantalang 23 mag-aaral lamang o katumbas ng 11% ang mula sa rural na lugar. Ipinapakita nito na ang mas nakararaming bahagi ng mga estudyante ay naninirahan sa mga pook urbanisado.

Ang malaking bilang ng mga mag-aaral mula sa urban ay maaaring maiugnay sa lokasyon ng paaralan na matatagpuan sa sentro ng Cebu City—isang urbanisadong lugar na madaling ma-access ng mga estudyante mula sa lungsod. Dahil dito, nagiging mas madali para sa mga urban-based na mag-aaral na mag-enroll at magpatuloy sa kanilang pag-aaral. Bagama't maliit ang bilang ng mga mag-aaral mula sa rural areas, nagpapakita ito ng posibleng hadlang sa accessibility, gaya ng transportasyon at gastusing may kinalaman sa paninirahan sa lungsod.

Ayon sa pag-aaral nina Dela Cruz at Ramirez (2020), ang mga institusyong edukasyonal na matatagpuan sa urban areas ay mas naaabot ng mga mag-aaral na nakatira sa kalunsuran dahil sa mas maraming oportunidad, transportasyon, at imprastruktura. Ganito rin ang punto ng pananaliksik nina Lopez at Javier (2023) na nagsasaad na may pagkakaiba sa educational access ng urban at rural students, kung saan mas nahihirapan ang mga galing sa kanayunan sa pagpasok sa mga pamantasan sa lungsod.

Saloobin ng mga mag-aaral sa Wikang Filipino

Ang talahanayan sa ibaba ay tungkol sa salaoobin ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. Nakapaloob dito ang mga indikasyon, mean, standard deviation, at verbal na interpretasyon.

Talahanayan 3

Saloobin ng mga mag aaral sa Wikang Filipino

Saloobin	Mean	SD	Interpretasyon
----------	------	----	----------------

1. Ang wikang Filipino ay simbolo ng ating identidad	3.37	0.601	Lubos na Sumasang-ayon
2. Ang wikang Filipino ay kasangkapan sa pagpapahayag ng damdamin	3.48	0.580	Lubos na Sumasang-ayon
3. Ang wikang Filipino ay mayaman sa kasaysayan	3.39	0.578	Lubos na Sumasang-ayon
4. Ang wikang Filipino ay ginagamit lamang sa informal na usapan	3.53	0.597	Lubos na Sumasang-ayon
5. Ang wikang Filipino ay nag-uugnay sa iba't ibang rehiyon	3.46	0.537	Lubos na Sumasang-ayon
6. Ang wikang Filipino ay isang epektibong tool sa edukasyon	3.52	0.613	Lubos na Sumasang-ayon
7. Ang wikang Filipino ay may kakayahang magbago at mag-adapt	3.42	0.592	Lubos na Sumasang-ayon
8. Ang wikang Filipino ay may madaling teknikal na termino	3.50	0.572	Lubos na Sumasang-ayon
9. Ang wikang Filipino ay may likas na yaman ng mga salitang makulay	3.35	0.594	Lubos na Sumasang-ayon
10. Ang wikang Filipino ay isang paraan ng pagmamalaki sa bansa	3.13	0.851	Sumasang-ayon
11. Hindi ako madaling nakakaintindi sa Wikang Filipino	2.92	0.809	Sumasang-ayon
12. Naibigan ko ang pagsasalita gamit ang wikang Filipino	2.98	0.809	Sumasang-ayon
13. Nagustuhan kong marinig ang aking kausap gamit ang wikang Filipino	3.00	0.804	Sumasang-ayon
14. Ang wikang Filipino ay dinamiko at nagbabago	3.10	0.830	Sumasang-ayon
15. Tinatanggap ko sa sarili ko ang wikang Filipino bilang aking pangalawang wika	3.58	0.600	Lubos na Sumasang-ayon
Factor Mean	3.32	0.664	Napakabuti ng Saloobin

Note. 1.00 - 1.75 = Lubos na Hindi sumasang - ayon/Poor; 1.76 - 2.50 = Hindi Sumasang - ayon/Fair; 2.51 - 3.25 = Sumang - ayon/Good; 3.26 - 4.00 = Lubos na sumasang - ayon/Very Good

Batay sa datos mula sa talahanayan, malinaw na positibo ang saloobin ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. Sa kabuuang labinlimang pahayag, karamihan ay may interpretasyong *Lubos na Sumasang-ayon*, kabilang na ang mga pahayag tulad ng: "Ang wikang Filipino ay kasangkapan sa pagpapahayag ng damdamin" (mean = 3.48), at "Tinatanggap ko sa sarili ko ang wikang Filipino bilang aking pangalawang wika" (mean = 3.58), na may pinakamataas na mean score. Ang pangkalahatang factor mean na 3.32 na may SD = 0.664 ay tumutukoy sa mataas na antas ng pagsang-ayon at positibong pagtanggap ng mga mag-aaral sa wikang Filipino.

May mga mahahalagang tema sa resulta. Ang wikang Filipino bilang Identidad at Simbolo ng Bansa ay malinaw na kinikilala ng mga mag-aaral ang Filipino bilang simbolo ng kanilang pagkakakilanlan at pambansang pagmamalaki (Items 1 at 10). Ang wikang Filipino bilang Epektibong Midyum ng instruction and conversation ay kinikilala ng mga mag-aaral na ang Filipino ay isang epektibong kasangkapan sa edukasyon, komunikasyon, at sa pagpapahayag ng damdamin (Items 2, 6, 12, 13). Pagkilala sa Katangian ng Wika ay may pagpapahalaga rin ang mga mag-aaral sa dynamism ng Filipino bilang wikang nagbabago, nag-a-adapt, at may kakayahang teknikal (Items 7, 8, 14). Ang wikang Filipino bilang Makulay at Mayaman sa Kasaysayan ay kinikilala rin ang ganda, lalim, at kasaysayang dala ng wika (Items 3, 9), pati ang papel nito sa pag-uugnay ng mga rehiyon (Item 5). Nagpapahayag ng Personal na Koneksyon sa Wika ay inamin ng mga mag-aaral na gusto nila ang pakikinig at pagsasalita gamit ang Filipino, at tinatanggap nila ito bilang kanilang pangalawang wika (Items 12, 13, 15).

Ang mataas na mean ay patunay na may positibong saloobin ang mga mag-aaral sa wikang Filipino, kaya't mahalagang samantalain ito ng mga guro upang mas mapalalim pa ang paggamit ng Filipino sa mga akademikong diskurso, pananaliksik, at malikhaing gawain. Dahil kinikilala ng mga mag-aaral na ang Filipino ay epektibong tool sa edukasyon, dapat palawigin pa ang paggamit nito sa pagtuturo ng iba't ibang asignatura, lalo na sa mga paksang may lokal na konteksto. Ang pagkilala ng mga mag-aaral sa Filipino bilang simbolo ng identidad, kasaysayan, at pagkakaisa ng mga rehiyon ay isang senyales ng kultural na koneksyon sa wika. Maaaring gamitin ito bilang batayan ng mga proyektong makabayang pangwika gaya ng dokumentaryo, oral history, o pagsasaliksik sa lokal na wika at kultura. Dahil kinikilala ng mga mag-aaral na ang Filipino ay dinamiko at may teknikal na kakayahan, dapat ituro ito bilang modernong wika na kayang makipagsabayan sa larangan ng agham, teknolohiya, at iba pang larangang akademikong. Ang ganitong positibong saloobin ay nagbibigay-daan sa mas aktibong pagkatuto. Inirerekomenda ang paggamit ng mga learner-centered strategies tulad ng collaborative learning, project-based learning, at real-world communication tasks gamit ang Filipino.

Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Talasalitaan

Ang talahanayan sa ibaba ay tungkol sa kasanayan ng mga mag-aaral sa talasalitaan. Ito ay naglalaman ng lebel ng kasanayan, bilang, porsyento, mean, standard deviation, at description.

Talahanayan 4

Kasanayan ng mga mag-aaral sa talasalitaan

Level	Frquency	Percentage	Mean	SD	Description
Above Average	202	96.2			
Average	8	3.8	26.62	1.645	Above Average
Below Average	0	0			
Total	210	100.0			

Note. No. Of Items=30 Legend: Beloe 18= Below Average; 18-25=Average; 26-30=Above Average

Mula sa 210 na mag-aaral, 202 o 96.2% ang nakakuha ng marka sa antas na "Above Average," habang 8 mag-aaral (3.8%) lamang ang nasa "Average" na antas. Walang mag-aaral ang nasa "Below Average," na nangangahulugang lahat ng kalahok ay nasa katamtaman hanggang mataas na antas ng kasanayan sa talasalitaan. Ipinapakita ng mataas na mean score (26.62 mula sa 30) na ang karamihan sa mga mag-aaral ay may malawak na kaalaman at pag-unawa sa mga salitang Filipino. Mababa rin ang SD (1.645), na nagpapahiwatig ng consistency o pagiging dikit-dikit ng scores—kumbaga, halos pare-pareho ang lebel ng kanilang kasanayan.

